EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

Yunit I

Modyul Blg. 11

Katotohanan, Paninindigan Ko

I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nasubukan mo na bang pagkatiwalaan ng isang isang lihim ng isang kaibigan, kapatid o ng iyong magulang? Ano ang iyong ginawa sa lihim na ito? Sinabi mo ba ito sa iba o iyong pinanatiling lihim?

Nasa kasaysayan na ng daigdig ang maraming pagkakataon na dahil lamang sa pagbibigay ng maling impormasyon ay napahamak ang katiwasayan ng pamumuhay ng isang tao, ng isang pamilya, ng isang pamayanan o ng isang bansa. Natuklasan ang itinatagong kilusan ng KKK nina Andres Bonifacio dahil sa isang pagkukumpisal. Nasawi ang pangkat ni Gregorio del Pilar dahil sa pagsasabi ng isang tao sa mga kinauukulan.

Marahil ay maalala mong napagalitan ka ng nanay mo dahil sinabi ng kapatid mong nakita ka niyang hindi ka pumasok sa paaralan. Nahuli ka ng iyong guro na nangongopya ng ituro ka ng isa mong kaklase. Ano nga ba ang pagsasabi ng katotohanan? Paano ba magiging tapat sa salita at sa gawa?

Kung ganoon, umpisahan mo nang simulan mo na ang pagbabasa. Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

LC 3.3 Napahahalagahan ang katotohanan sa pamamagitan ng pagiging tapat sa salita at gawa

A. Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng kawalan ng katapatan sa sarili at sa gawa
B. Nabibigyang-halaga ang pagkakaroon ng pananagutan sa bawat salitang binibitiwan at ginagawa

C. Nakagagawa ng isang pagtatalagang pansarili kaugnay ng pagpapahalaga sa katapatan sa salita at sa gawa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

II. Handa Ka Na Ba?

A. Piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ang titik lamang.

1. Isinasabuhay natin ang katotohanan kapag tayo ay
   a. nagsisiwalat ng lihim ng iba
   b. nagsasalita nang maayos at malumanay
   c. kumikilos at nagsasalita ayon sa paniniwala
   d. gumagawa ng kabutihan

2. Isang palatandaan ng pagkamatapat ay
   a. pagpuna ng mali ng iba
   b. pagsasalita ng totoo, masama man o mabuti
   c. pagiging totoo sa salita at sa gawa
   d. pagiging tahimik

3. Ang katotohanan ay makapagpapalaya sa atin. Ang ibig sabihin nito ay:
   a. Kapag nagsabi ka ng katotohanan ay malaya ka rin.
   b. Nawawala ang pagdududa sa pagsasabi ng katotohanan.
   c. Gumagaan ang pakiramdam ng taong nagsasabi ng totoo.
   d. Nabubunyag ang katotohanan

4. Alin sa mga sumusunod ang paglabag sa pribadong pag-aari ng tao?
   a. Pangongopya ng gawaing-bahay ng kaklase
   b. Pagbabasa ng sulat ng iba
   c. Pagpuna sa ginagawa ng iba
   d. Pagsumbong sa kaklaseng nangongopya

5. Masakit man ang katotohanan, kailangan itong tanggapin. Madalas itong naririnig sa mga taong:
   a. takot magsabi ng katotohanan
   b. napapahamak dahil sa katotohanan
   c. naguguluhan dahil sa katotohanan
   d. mapaparusahan dahil sa katotohanan

B. Isulat ang Tama kung ang pahayag ay wasto at Mali kung hindi.

1. Ang katotohanan ang naglilimita sa kalayaan ng tao.
2. Ang white lie ay tinatanggap dahil ito ay kailangan.
3. Kapag tinawag kang plastic ang ibig sabihin ay sinungaling.
4. Ang katotohanan ay naimbento ng tao.

5. Ang character assassination ay dapat gawin sa taong laging nagsisinungaling.
6. Ang katotohanan ang liwanang ng kalayaan.
7. Kapag marami ang naniniwala sa isang prinsipyo, ito ay tama at may katotohanan.
8. Upang makaiwas sa kaparusahan, maaaring gumawa ng dahilan.
9. Ang kalayaan ay biyaya sa tao kaya maaari niyang gawin ang nais niya
10. Minsan ay maaari ring magsinungaling ang tao.

III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1

Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Pagkatapos sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Nailabas na ni Cheryl ang laman ng bulsa ng kanyang palda at blusa. Hinahanap niya ang kanyang wallet. Magbabayad siya ng yearboook. Ngayon ang huling araw ng pagbabayad. Subalit napansin ni Cheryl na nawawala ang kanyang wallet. Agad na sinabi ng kanyang kaibigang si Marie na “May kumuha niyon.” Ngunit sinagot siya ni Cheryl na “Baka kung saan ko lang nailagay.”

Bumalik na sa klase sina Cheryl at Marie. Habang naglalakad sila, lahat ng makasalubong nila ay sinasabi ni Marie ang tungkol sa nawawalang wallet ni Cheryl.

Naunang nakalapit si Marie sa kanilang locker. Nakatawag ng pansin niya ang kanilang bagong kamag-aral na si Juanita. Habang binubuksan nito ang locker ay biglang nahulog ang wallet sa sahig. Tamang tama ang lapit ni Cheryl.

Agad na sumigaw si Marie. “Cheryl! Siya ang kumuha ng wallet mo. Tingnan mo at nahulog sa kanyang locker!” Sabay sabay na tumingin ang lahat ng kanilang kamag-aral kay Juanita. “Ireport ninyo sa guidance office”, “Isumbong ninyo kay mam”, “Naku! Mag-ingat kayo”, iyan ang mga sinabi ng kanilang mga kamag-aral.

Tumingin si Cheryl kay Juanita. Dinampot ni Juanita ang wallet at iniabot kay Cheryl sabay sabing, “Napulot ko ito sa lobby kanina. Ibibigay ko sana kaya lang ay nahuli ka sa klase kanina.

Si Marie ang sumagot nang pagalit, “Sigurado ka!”. “Talagang napulot mo iyan”, pahabol pa niya. Kinuha ni Cheryl ang wallet. “Salamat Juanita” ito ang kanyang tugon at pumuntang muli sa kahera upang magbayad ng yearbook.

“Hindi mo ba bibilangin kung walang nawala sa wallet mo.” Ang bilin ni Marie. Habang nakapila ay binuksan ni Cheryl ang wallet. May nakasulat dito: “Napulot ko ang wallet mo. Sana ay walang nawala dito. Maaari mo kong tawagan sa numerong nakasulat dito.”

Natuwa si Cheryl dahil walang nawala sa kanyang pera. Pag-uwi ng bahay ay tinawagan niya sa Juanita.

Sagutin Mo

1. Anu-ano ang magkaibang katangian nina Cheryl at Juanita?
2. Kung ikaw si Juanita, ano ang maaari mong maramdaman?
3. Ano ang iyong maaaring gawin kung napaghihinalaan kang gumagawa ng hindi tama?

Gawain Blg. 2

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang maaari mong gawin upang lumitaw ang katotohanan.

1. Nagbibiruan ang iyong tatlong kaklase sa loob ng silid-aklatan. Narinig ito ng isang guro kaya lumapit siya. Itinuro ka ng isa sa kanila kaya ikaw ay biglang sinigawan na lumabas ng silid na iyon. Ano ang gagawin mo?

_____
_____
_____
_____
_____

2. Ipinagtapat ni Emy na pinalitan niya ang marking nasa kanyang card na ipinakita niya sa kanyang ina. Kaya kailangan niyang sabihin sa guro nilang nawawala ang kanyang card upang hindi mapansin ang mga marka niyang pinalitan. Bilang kaibigan ano ang gagawin mo?

_____
_____
_____
_____
_____

4. Sa tuwing may praktis sina Joy sa kanilang sayaw, palaging huling dumating si Myrna. Sinasabi niyang marami siyang ginagawa sa bahay. Subalit alam niyang kaya ito napupuyat at hindi nagigising ng maaga ay dahil sa panonood nito ng palabas sa TV. Ano ang gagawin mo?

_____
_____
_____
_____
_____

5. Palaging ikinuwento ni Marisa na siya ay solong anak kaya siya ay may solong kuwarto, laging bago ang cellphone, sinusundo ng kotse pag-uwi. Naiinis na ang kanyang mga kaklase. Ikaw ay malapit sa kanya, paano mo sasabihing naiinis ang mga kaklase mo sa kanya?

_____
_____
_____
_____
_____

Sagutin Mo

1. Paano pinakita ng mga tauhan sa bawat sitwasyon ang paglabag sa katotohanan?
2. Ano ang karaniwang dahilan ng mga taong madalas na lumabag sa katotohanan?
3. Paano nakakaapekto sa pagkatao ang pagsisinungaling?

Gawain Blg. 3

Ipaliwanag mo ang sumusunod na pahayag:

1. Ang katotohanan ang nagpapalaya sa tao.

   _____
   _____
   _____

2. Ang katotohanan ang liwanag ng kalayaan.

   _____
   _____
   _____

3. Ang katotohanan ang batayan ng kaasalan ng tao.

   _____
   _____
   _____

Sagutin Mo

1. Paano mo maitataguyod ang katotohanan?
2. Bakit sinasabing ang katotohanan ay mananatili magpakailanman?

IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Bumuo ng kaisipan mula sa mga naging gawain. Isulat ito sa loob ng kahon.

Mula sa mga naging aralin, natuklasan ko na ang katotohanan ay:

V. Pagpapatibay

Ano ang Katotohanan?

Ang katotohanan ay ang pagsang-ayon ng isip sa realidad. Bilang isang pagpapahalagang moral, balido ito kahit napakaraming tao ang ;lumaban dito sa isang plebisito. Ito ay absolute at hindi isyung pinagtatalunan.

Sa pamamagitan ng katotohanan, nakikilala ng mag-aaral ang mali sa tama. Ito ang obhektibong sukatan ng realidad at asal. Ang mga katotohanang nakapaloob sa Batas Moral (sa Sampung Utos ng Diyos), ay ang pamantayan ng kaugalian (code of ethics) kung saan ibinabatay ang mga rasyonal at etikong pagpapasya.

May karapatan ang mag-aaral na matutuhan ang obhektibong pamantayan ng moralidad, kahit salungat ito sa isinasabuhay ng mga tao sa lipunan. May karapatan siyang makamit ang kanyang pakikiisa sa dakilang Lumikha at ang walang hanggang kaligayahan (eternal happiness) sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng kanyang isip at malayang loob sa mga iniuutos ng Batas Moral.

Marami kang kinakaharap na sitwasyon kung saan natutukso ang iyong pagsang-ayon sa mga iniuutos ng Batas Moral o ng Sampung Utos. Halimbawa, dahil sa dami ng iyong project sa paaralan, nahuli ka sa pagsumite ng isang reaction paper sa Science. Sa hiya mong aminin sa guro mo na hindi mo naplano lahat ang iyong gagawin kaya nagahol ka sa panahon, sinabi mong nasira ang iyong computer. Maliwanag na nilabag mo ang Ikalawang Utos na nagsasabing sabihin natin ang katotohanan.

Ang pagiging tapat sa salita at sa gawa ay katumbas ng buong pagkatao. Isipin lamang na hindi ka mapagkakatiwalaan sa iyong mga

sinasabi ay malaki nang kasiraan sa iyong pagkatao. Ganoon din sa paggawa, ang buong ikabubuhay mo ay batay sa iyong katapatan sa pagtatrabaho.

Ayon sa aklat ni Punsalan, ang katotohanan ang batayan ng kaasalan ng tao. Ito ang kakayahan ng bawat tao na magsabi at magpahayag ng pawang totoo. Kapag may katotohanan ay may pagkakaisa sa sinasabi at iniisip ng tao.

Usung-uso ang kasabihang, huwag kang maging “plastik”, na ang ibig sabihin ay magsabi ka ng totoo o magpakatotoo ka. Nariyan din ang “character assassination” na sumisira sa dignidad ng tao.

Sa aklat ng Chicken Soup for the Teenage Soul, isang kuwento ang tumutukoy sa pagsasabi ng katotohanan. Ang pamagat ng kuwento ay “The Gossiper”. May isa raw babaeng mahilig magkalat ng kuwentong walang katotohanan. Minsan ay mayroon nagdamdam ng lubha sa kanya. Kaya lumapit siya sa isang matandang paham at humingi ng tulong. Inutusan siyang bumili ng manok at isabog sa daan ang balahibo nito at pagkatapos ay bumalik sa kanya. Nang kanyang magawa ito, bumalik nga siya sa matanda at tinanong kung ano ang susunod niyang gagawin. Sinabi sa kanyang balikan niya ang mga balahibong kanyang ikinalat sa daan. Subalit sinabi niyang imposible ito dahil tinangay na ito ng hangin. Ganito ang sinabi sa kanya ng matanda: “Kung ganoon, ganoon din ang epekto ng kasinungalingan ng bawat kuwentong ginawa mo. Hindi maaaring mabago ang sinira mong pagkatao.”

Ayon naman sa aklat ni Esther Esteban, ang katotohan ay hindi inimbento ng tao. Ito ay nariyan na, wala pa ang tao. Kahit ang mga pagpapahalagang moral ay batay sa katotohanan.

VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Paano mo isasabuhay ang katapatan sa salita at sa gawa batay sa sumusunod na pahayag:

1. Huwag kang mag-atubiling magsalita kung napapanahon at huwag mong itago ang iyong karunungan.
2. Huwag kang magsalita laban sa katotohanan at huwag mong kalilimutan, marami kang di nalalaman.

Ecclesiastico 4:23

VII. Gaano Ka Natuto?

A. Piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ang titik lamang.

1. Isinasabuhay natin ang katotohanan kapag tayo ay
   a. nagsisiwalat ng lihim ng iba
   b. nagsasalita nang maayos at malumanay
   c. kumikilos at nagsasalita ayon sa paniniwala
   d. gumagawa ng kabutihan

2. Isang palatandaan ng pagkamatapat ay
   a. pagpuna ng mali ng iba
   b. pagsasalita ng totoo, masama man o mabuti
   c. pagiging totoo sa salita at sa gawa
   d. pagiging tahimik

3. Ang katotohanan ay makapagpapalaya sa atin. Ang ibig sabihin nito ay:
   a. Kapag nagsabi ka ng katotohanan ay malaya ka rin.
   b. Nawawala ang pagdududa sa pagsasabi ng katotohanan.
   c. Gumagaan ang pakiramdam ng taong nagsasabi ng totoo.
   d. Nabubunyag ang katotohanan

4. Alin sa mga sumusunod ang paglabag sa pribadong pag-aari ng tao?
   a. Pangongopya ng gawaing-bahay ng kaklase
   b. Pagbabasa ng sulat ng iba
   c. Pagpuna sa ginagawa ng iba
   d. Pagsumbong sa kaklaseng nangongopya

5. Masakit man ang katotohanan, kailangan itong tanggapin. Madalas itong naririnig sa mga taong:
   a. takot magsabi ng katotohanan
   b. napapahamak dahil sa katotohanan
   c. naguguluhan dahil sa katotohanan
   d. mapaparusahan dahil sa katotohanan

B. Isulat ang Tama kung ang pahayag ay wasto at Mali kung hindi.

1. Ang katotohanan ang naglilimita sa kalayaan ng tao.
2. Ang *white lie* ay tinatanggap dahil ito ay kailangan.
3. Kapag tinawag kang plastic ang ibig sabihin ay sinungaling.
4. Ang katotohanan ay naimbento ng tao.
5. Ang character assassination ay dapat gawin sa taong laging nagsisinungaling.
6. Ang katotohanan ang liwanang ng kalayaan.
7. Kapag marami ang naniniwala sa isang prinsipyo, ito ay tama at may katotohanan.
8. Upang makaiwas sa kaparusahan, maaaring gumawa ng dahilan.

9. Ang kalayaan ay biyaya sa tao kaya maaari niyang gawin ang nais niya
10. Minsan ay maaari ring magsinungaling ang tao.

VIII. Mga Sanggunian

Canfield, J. (1998). *Chicken Soup for the Teenage Soul*. Florida: Health Communication Inc.

Word and Life Publication. (1994). *Catechism of the Catholic Church* Manila: Author

Esteban, E. J. ( ). *Education for Values*. Manila: Sinagtala Publishers

Punsalan, T.G. (1998). *Maylalang*. Quezon City: Rex Book Store

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?	Gaano Ka Natuto?
A. 1	A. 1
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.
B. 1.	B. 1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.
6.	6.
7.	7.
8.	8.
9.	9.
10.	10.